Paano ang pagkontak sa TIAS:

Ang TIAS ay bukas: Lunes hanggang Biyernes 9nu – 5nh (maliban sa mga pista opisyal)

Ang TIAS ay makokontak sa isang free call na numero:

1800 060 462

Ang mga Tagapayo sa Pangungupahan ay makakausap din para sa mga harapang pagtatanong sa mga piling opisina ng Job Prospects **sa pamamagitan ng appointment lamang.**

Mga Lokasyon ng TIAS:

Ang mga Tagapayo sa Pangungupahan ay makakausap para sa mga harapang pagtatanong, sa pamamagitan ng appointment lamang, sa mga piling opisina ng Job Prospects sa:

- **Suburbiyang Western**
- **Suburbiyang Northern**
- **Suburbiyang Southern**
- **Metropolitang pook**

Upang makipag-appointment, paki-tawagan ang **1800 060 462** sa oras ng trabaho.

Para sa pinaka-kasalukuyang listahan ng mga lokasyon ng TIAS, bumisita lamang sa **www.tias.org.au**

Ang karapatang mauna sa tulong ay ibibigay sa mga sambahayang nagbabayad ng upa nang mahigit sa 30% ng kanilang kita.

SYCLtd SYCLtd hypa_syc SYC Limited

www.syc.net.au

Government of South Australia

SYC

Filipino / Filipino

TIAS

TENANTS' INFORMATION & ADVISORY SERVICE
SERBISYONG IMPORMASYON AT PAGTATAGUYOD PARA SA MGA NANGUNGUPAHAN

Nagbibigay ng payo at tulong sa mga nangungupahan sa South Australia.

Ang TIAS ay isang pambuong-estadong serbisyo na nagbibigay ng libre at independiyenteng impormasyon, payo at pagtataguyod upang tulungan ang mga taong may mababang kita na maipagpatuloy ang kanilang pangungupahan sa pribadong paupahan, pangkomunidad o pampublikong pabahay.

www.tias.org.au

Ano ang maibibigay ng TIAS?

- Edukasyon, impormasyon at payo tungkol sa iyong mga karapatan at responsabilidad bilang isang nangungupahan
- Kumatawan at magbigay-tulong sa mga pagdinig sa Tribunal na Pambayan at Pampangasiwaan ng South Australia (South Australian Civil and Administration Tribunal (SACAT)
- Paghimok at pagtulong upang makasali sa mga prosesong pampamamagitan at mga tagapagbigay ng pabahay
- Tulong upang ma-akses ang mga panloob na paraan ng pag-apela sa mga nauugnay na tagapagbigay ng pabahay
- Pagsangguni at impormasyon tungkol sa pampinansyal na payo at iba pang serbisyong nauugnay sa iyong sirkumstansya

Kayo ba ay marapat tumanggap ng tulong mula sa TIAS?

Ang tulong ay maaaring maibigay sa mga sambahayang nasa:

- **Pampublikong Pabahay**
- **Pribadong Paupahan**
- **Pangkomunidad na Pabahay**
- **Mga Kooperatibang Pabahay**

Ang karapatang mauna sa tulong ay ibibigay sa mga sambahayang nagbabayad ng upa nang mahigit sa 30% ng kanilang kita.

Kung hindi mo tiyak kung ikaw ay marapat, bumisita lamang sa **www.tias.org.au** para sa karagdagang impormasyon.

Anu-anong isyu ang maaaring matulungan ng TIAS?

Ang TIAS ay makatutulong sa anumang isyu na nauugnay sa iyong pangungupahan, gaya ng:

- **Mga pag-upa**
- **Alitan tungkol sa bond**
- **Pagmentena ng propyedad**
- **Mga proseso ng SACAT**
- **Mga proseso ng Pabahay SA at Pangkomunidad na Pabahay (Housing SA and Community Housing) at pag-apela**
- **Atrasadong upa**

Ang TIAS ay **hindi** makapagtataguyod para sa iyo, ngunit maaari pa ring magbigay sa iyo ng payo at pangkalahatang impormasyon kung ikaw ay:

- **Isang residente ng isang bahay-pangaserahan o bahay na nagpapaupa ng kuwarto**
- **Nakatira sa isang caravan park o residential park**
- **Naghahanap ng pang-emerhensiyang matitirahan**
- **Isang ahensiya o organisasyon**
- **Dumaranas ng mga alitang kapitbahay-sa-kapitbahay.**